OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

# Panawagan para sa mga Eksibisyon sa ARTS at King Street Station sa 2027

PAGBUBUKAS NG APLIKASYON: Aug. 18, 2026
**PAGSASARA NG APLIKASYON: Sept. 29, 2026, 5 PM Pacific**

## Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa Gawad

Ang Seattle Office of Arts & Culture (OAC) ay nag-aanyaya sa mga indibidwal na artist, curator, organisasyon, at mga grupong naka-base sa komunidad na magmungkahi ng mga eksibisyon para sa ating espasyong pangkultura at gallery, ang ARTS at King Street Station na gaganapin sa 2027. Ang panawagang ito ay para sa mga eksibisyon at ang kaugnay na programa lamang. Hindi kami tumatanggap ng mga standalone na gawaing nakabatay sa performance (performance-based) sa pamamagitan ng panawagang ito.

Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, pagiging karapat-dapat, o suportang teknikal online, makipag-ugnayan kay James Coley, King Street Station Program Lead, sa 206-684-4186 o sa james.coley@seattle.gov.

**Mayroon kaming mga tagasalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng bidyo).** Tawagan lamang kami sa 206-684-7171 (voice) o 800-833-6388 (TDD Relay) at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong sinasalita. Asahan ang sandaling paghihintay habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

## Aplikasyon

Mag-apply online sa pamamagitan ng Submittable.

## Takdang Petsa

**Martes, Sept. 29, 2026, 5 PM Pacific**

## Pagiging karapat-dapat

Kayo ay karapat-dapat na mag-apply para sa pagpopondo kung **natutugunan ninyo ang mga sumusunod na pamantayan:**

- Kayo ay isang indibidwal na artist, curator, organisasyon, o grupong naka-base sa komunidad na matatagpuan sa at may malakas na koneksyon sa lungsod at regular na nagpapakita ng gawa sa Seattle.
- Kayo ay bahagi ng isang organisasyon o isang indibidwal na artist na kumakatawan sa mga komunidad na higit na naapektuhan ng sistematikong pang-aapi. Ang mga taong may mababang kita/sahod, mga taong may kapansanan, mga komunidad ng mga imigrante at refugee, at mga komunidad ng mga may kulay ay hinihikayat na mag-apply.

Kayo ay *hindi* karapat-dapat para sa pagpopondong ito kung:

- Ang inyong proyekto ay direktang nagbebenta ng mga materyales, nagpo-post ng mga presyo, at/o may mga benta ng tiket. Ang lahat ng mga programa ay dapat na iharap nang walang bayad sa publiko.

## Patakaran sa Pagbubunyag ng AI

Hindi ipinagbabawal ang artificial intelligence (AI) kapag ang likhang-sining ay ginawa na may malaking kontribusyong pinamumunuan ng tao mula sa (mga) artist. Dapat manatiling pangunahing may-akda ang artist, na gumagabay sa konsepto at pagpapatupad ng likhang-sining. Dapat niyong tiyakin ang copyright at pagiging may-akda at isaalang-alang ang mga panganib sa privacy at intelektwal na ari-arian, pagkawala ng tunay na boses at pananaw, kawalan ng katumpakan, pagkiling, at kawalan ng pagiging sensitibo sa kultura.

**Dapat niyong ibunyag kung ang AI ay ginamit sa paglikha ng inyong iminumungkahing proyekto** at magbigay ng salaysay na tumutukoy kung paano ginamit ang AI. Inilalaan namin ang karapatang humingi ng paglilinaw o dokumentasyon tungkol sa kung paano ginamit ang AI sa inyongiminumungkahing proyekto. Dahil sa mabilis na pag-unlad ng AI, ang patakarang ito ay susuriin nang regular at maaaring magbago.

## Pagpopondo

Mga pondo sa pag-gawad **hanggang $20,000** ay makakamit para sa mga kabayaran ng mga malikhaing manggagawa at mga gastos ng proyekto.

## Mga Sesyon ng Impormasyon

Sumali sa isang birtwal na sesyon ng impormasyon upang matuto nang higit pa tungkol sa pagkakataong ito.

### Sesyon 1

Miyerkules, Aug. 26, 2026, 4-5 PM
RSVP sa Aug. 26

## Sesyon 2

Martes, Sept. 1, 2026, 3-4 PM
RSVP sa Sept. 1

## Sesyon 3

Martes, Sept. 15, 2026, Tanghali-1 PM
RSVP sa Sept. 15

## Sesyon 4

Martes, Sept. 22, 2026, Tanghali-1 PM
RSVP sa Sept. 22